

Saling-wika / Saling-diwa

Paano Isinalin ang Kasarian sa mga Piling Tula
ni Ophelia Alcantara-Dimalanta

Imelda P. De Castro

University of Santo Tomas

Abstrak

Si Ophelia Alcantara-Dimalanta ay isang tanyag na makatang Pilipino, nakapagsulat ng mga kalipunan/canon ng mga tula na hitik sa damdamin at interpretasyon. Hindi ito magiging kaganapan kung hindi maisasalin sa wikang Filipino. Naghahatid ng masalimuot na mga katanungan ang Pagsasalin kaya marapat na matugunan. Isa sa mga suliraning kaakibat ay ang kasarian ng manunulat at ng mga tagasalin. Ang pagtingin ni Dimalanta sa kaniyang paksaing poetika ay hindi maaaring ihiwalay sa kaniyang identidad bilang isang babae. Ang pagsasalin ng kaniyang mga tula ay nagbukas para lalong maunawaan at namnamin sa makabagong anyo bagkus maipakita ang makapangyarihang daynamiko ng kasarian sa Panitikan ng Pilipinas. Galalugarin ng papel na ito ang mga iba't-ibang isyu na nagbabanggan, nagkakasalungatan at pagdalumat sa konteksto ng pagsasalin sa mga tula ni Dimalanta. Bibigyang-pansin din ang parallel na isyu kung paano ang kultura, perspektiba at personal na identidad ay nabago at naayos sa transisyon mula sa isang midyum at isa pang anyo, na tunay na umaangkop sa naiibang kombensiyon ng naisaling mga tula.

Abstract

Ophelia Alcantara-Dimalanta, a famed Filipino poet, produced a body of work that has been observed to be rich in emotions, evoking complex interpreta-

tions. Written in the English language, her works—given their literary and critical plenitude—one imagines, might be served well by their translation into Filipino. In the process, what transpires is an exploration of the diverse issues which crisscross and collide within the text as well as a reflection on the very context of translation. In view of this, the essay, in general, looks into how matters of cultural perspective and personal identity in the source text are changed and reconfigured across linguistic media inevitably adapting to the unique conventions of the language of the target text. But in particular, the act of translating her works raises complex questions that need to be addressed directly. One of these issues concerns the gender of the writer and of the translator because her poetics are often marked by her gender. Therefore, in translating her poems, it is evident that Dimalanta’s treatment of poetic subjects is inseparable from her identity as a woman. Therefore, the result of the translation process echoes not only an understanding of the richness of her poetics across languages, but also the complex power dynamics at play concerning gender relations in Philippine literature.

Keywords

gender, power dynamics, personal identity, native language



Gayatri Chakravorty Spivak, Indian scholar, feminist critic, author of *The Politics of Translation* (1992)



Ophelia Alcantara Dimalanta, a renowned Filipino poet.

We can begin to see that the project of translating culture within the politics of identity is not a quick fix.
-Gayatri Spivak

Panahon lamang ang nagtadhana nang matuklasan ng araling kultural ang sining ng pagsasalin. Dapat isaisip na ang globalisasyon ng kultura ay katumbas ng pamumuhay natin sa salin-saling daigdig, lahat ng karunungan natin ay kahalintulad ng ideya at estilo ng samot-saring pinagmulan, ang impluwensya ng teknolohiya at madalas na paglalakbay ay nakabubuo ng tagpuan ng iba't ibang kultura. Ang pagsibol at pagsusupling ng kakaibang kultura at kadaliang identidad kasama na ang kasarian ay pangunahing konsern ng araling kultural.

Sa kasalukuyan, ang pagsasalin ay kadalasang ginagamit sa araling kultural ng mga teorista bilang metapora, simbolong retorikal upang isalarawan ang dumadaming internalisasyong pangkalinanangang produksyon ng mga nakikipagtunggali sa pagitan ng dalawang daigdig at dalawang wika. Ang mga kababaihan ay patuloy na iginigiit ang kanilang sarili sa pagkakapantay-pantay ganoon din ang manlalakbay na isinasalin ang kanilang nakaraan sa kasalukuyan. Pagsasalin ang representasyon ng pagkakaunawa sa realidad upang malayang makapag-ugnayan sa pamamagitan ng wika.

Tatangkaing galugarin ng pag-aaral na ito kung paano at kung anong proseso ang kasangkot sa pagsasaling-kasarian sa mga piling tula ni Ophelia Alcantara-Dimalanta. Ang pagpapaliwanag kung paano ang kasarian ay nabubuo ay isang pangunahing isyu sa kontemporaryong pagtatalo sa feminismo at panlipunang teorya. Nais kong simulan ang papel na ito sa mga sumusunod na tanong: May pulitika ba sa pagsasaling-wika? Ano ang tunay na ugnayan ng wikang Filipino at Ingles? Paano isinalin ang kasarian sa mga piling tula ni Ophelia Alcantara-Dimalanta?

Politika sa Pagsasalin

Pinatutunayan na ang politika ng pagsasalin ay may sariling buhay kung tinitingnan ang wika bilang isang proseso ng pagbubuo ng kahulugan, at tunay na may politikang nagaganap sa pagsasalin. Bigyang halimbawa natin ang

wikang ginagamit sa bansang metropolitan at wika ng Ikatlong Daigdig, ang wikang Filipino. Ipinapakita ito ng mahigpit na pangangailangan sa lansakang panghihiram mula Ingles ng mga salitang pang-agham/panteknikal upang mapabilis na maisalin ang mga textbook at babasahing ginagamit sa paaralan. Sa relasyong industriyal tungo sa wikang paggawa, naging konkreto/tiyak ang relasyong wikang Ingles tungo sa wikang Filipino; nagmistulang pag-angkat ng mga produkto at kaalaman mula sa una tungo sa ikalawa. Pumapasok ang politika ng wika, ano ang wikang makapangyarihan, ang nananaig sa kasalukuyan, iyon ang lansakang ginagamit.

Ang politika ng naturang relasyon ay gawaing nasa bingit ng pagdomina ng wikang industriyal sa limitadong wikang paggawa. Patunay iyan ng ugnayang Ingles at Filipino sa kasalukuyan. Malimit mausisa ang panig pampolitika ng tagasalin. Lalo na kapag ang pagsasalin ay mula sa wika ng Ikatlong Daigdig tungo sa wikang makapangyarihan. Maraming awtentikong konsepto at pagpapahalaga ang maisasakripisyo kapag sapolitang isinalin ang isang akdang Asyano o Afrikano sa wikang Kanluranin; naaalis ang katutubong katangian, at ang isang kaisipan ay nalalapatan ng maling pagpapakahulugan. Ito ang tinutukoy na “karahasan” sa pagsasalin. Kaya’t hinihingi ngayon na tunay na isaloob ng isang tagasalin ang kultura at katangian ng isang mahirap na bansa; kailangang malabanan ang tukso at maliitin ito, para maidulot ang angkop na larawan nito sa wika ng bansang mayayaman at naghahari.

Nakatutuwang malaman na sa mga tangkang pagsasalin, maaaring mapanatili ang pagbaybay/ispeling ng isang salitang Ingles, at maaari rin baybayin ayon sa patakarang Filipino. Nangangahulugan lamang na may kalayaan tayong pumili ng proseso o sistemang magpakita kung tayo ay maka-Ingles o maka-Filipino.

Saling-kasarian / Identidad

Ano ang gawain ng identidad? Ito ay isa sa mga paksang binibigyang pansin ng mga tao. Dito nagmumula ang mga katanungang: Sino ba ako? Ano bang silbi ng buhay ko? Saan ba ako patungo?

Ang pagpapakilala ng sarili ay ayon sa kasarian kung saan ka nabibilang. Hinggil sa relasyon ng identidad at kasarian, ang tao ay isang paghihiwalay lamang, natatanging babae at lalaki lamang ang makatotohanan” (Chiland, 1988). Simula pa noon, ang isang bata ay nagsisimulang magdevelop ng sarili niyang konsepto ayon sa kaniyang kapaligiran (Winnicott, 1974). Ang pagkakaroon ng identidad ay nagsisimula sa mga bagay na napapaloob sa atin batay sa mga inaasahan ng ibang tao kung paano tayo dapat mag-isip at umasal bilang lalaki at babae. Ang identidad ay isang konsepto (Kelly, 1955) na ginawa ng isang indibiduwal batay sa kung ano siya noon, kung ano siya talaga at kung magiging ano ba siya o pinapangarap niyang maging siya.

Sa aking pananaw, ang wika ay maaaring maging isa sa maraming mga gawain na nagbibigay daan upang tayo ay magkaroon ng kamulatan sa mga bagay, sa ating mga sarili. Ang kamalayan sa ating mga sarili ay siyang bumubuo sa identidad. Nararamdaman ang paggawa ng identidad ay isang pansariling pakahulugan, hindi lang basta kahulugan, tila “pluralized” tulad ng isang patak ng tubig sa ilalim ng isang mikroskopyo. Isa lamang sa unang tingin ngunit kapag tinignan maigi ay binubuo ng iba’t-ibang bahagi. Masasabi na ang isang pagtingin ay hindi gawaing dapat makuntento lamang; sa labas ng etikal-pulitikal na arena, may kasamang “pagbubuo” ng kaisipan sa sarili. Ipagpalagay na ang identidad bilang pinagmulan ay maaaring hindi katanggap-tanggap sa etikal-pulitikal na arena rin pero ang pagkonsidera sa ganoong bagay ngayon ay magpapalayo sa ating mga hinuha. Ang isa sa mga daan upang mapagtanto ang mga ukol sa “identidad” ng isang tao ay tila isang paggawa ng expositoring gawaing pinaggugulan ang pamagat ng iba habang ang isa ay gumugol sa wika ng iba. Ito ang isa sa dinami-daming seduksyon ng pagsasaling-wika. Ito ay isang simpleng paggaya ng mga responsibilidad sa mga bakas ng iba sa loob ng sarili.

Ukol sa mapagpalayang kamalayan sa sarili, ako ay sumasang-ayong mga kahulugan ang naililipat sa pagsasaling-wika. At ayon sa ganoong pinagkayarian nais kong kunsiderahin ang gampanin ng wika para sa kinatawan, ang taong gumagawa, kahit na ang gawain nila ay hindi pa masyadong naroroon. Ang tungkulin na gawain ng nagsasaling-wika ay ang pagkonsidera sa wika bilang mungkahing di-tuwiran sa mga gawa ng

binigyang-kasariang sangay. Ang manunulat ay sinusulat ng kaniyang sariling wika ngunit ang pagsulat ng manunulat ay sumusulat sa sangay sa isang paraang maaaring iba sa babaeng taga-Pilipinas, isang mamamayan na may kasaysayan ng feminis mong Ingles, nakatuon sa tungkuling pagpapalaya sa kaniyang sarili mula sa imperyalismong nakaraan ng ating bansa, ang palagiang pagkakaroon ng diskriminasyon, pati na ang nakaraang panahon na may dominasyon ang mga kalalakihan.

Pagsasalang-wika Bilang Pagbasa

Paano nagagawa ng nagsasalang-wika na makatugon sa pagiging partikular sa wikang kaniyang sinasalin? May isang paraan kung saan ang retorikang katangian ng bawat wika ay nakagugulo sa lohikal nitong pagkakaayos. Kung pagtutuunan ang lohikal kaysa mga retorikal na hadlang, tayo ay mananatiling ligtas. “Kaligtasan” ay ang tamang termino, dahil tinatalakay natin ang panganiib, ng karahasan sa midyum na nagsasalang-wika. Binanggit ni Gayatri Spivak:

I must overcome what I was taught in school: the highest mark for the most accurate collection of synonyms, strung together in the most proximate syntax. I must resist both the solemnity of chaste Victorian poetic prose and the forced simplicity of “plain English,” that have imposed themselves as the norm... Translation is the most intimate act of reading. I surrender to the text when I translate. These songs, sung day after day in family chorus before clear memory began, have a peculiar intimacy for me. Reading and surrendering take on new meanings in such a case. The translator earns permission to transgress from the trace of the other—before memory—in the closest places of the self (Spivak, 1992).

Ang wika ay hindi ang pangkalahatan. Ito lamang ay mahalagang mungkahing di-tuwiran kung saan ang sarili ay nawawala sa kaniyang hangganan. Ang mga paraan kung saan ang retorika o pigurasyon ay nakahadlang sa lohika mismo ay tumutukoy sa posibilidad ng hindi tiyak na pangyayari ng isang kaganapan, maliban sa wika, palibot sa wika. Ang ganitong diseminasyon ay hindi makokontrol. Ngunit sa pagsasalang-wika, kung saan ang kahulugan ay kumandirit patungo sa lunang walang laman sa

pagitan ng dalawang pinangalanang wika ang Ingles at wikang Filipino, tayo ay mapanganib na napapalapit dito. Sa patnubay ng retorika na nakahahadlang sa paraan, hindi kinakailangang magkakadugtong, nararamdaman natin ang pagiging buo ng wika sa estilo ng texto na nagbigay daan sa pagkakatupad nito. Bagaman ang bawat pagbasa o komunikasyon ay bahagyang ganito kapanganib na kahit papaano ay nagkakagulu-gulo, tungkulin ng tagasalin ang nagpapanatili ng kaayusan sa pangkalahatan maliban na lamang sa komunikasyon, pagbasa at pag-ibig. Dahil dito ay maaaring itanong saan ang lugar ng “pag-ibig” sa aspetong etikal? Ang tungkulin ng nagsasaling-wika ay mabigyang linaw itong pag-ibig sa pagitan ng orihinal na bersyon at anino nito, isang pag-ibig na pumapayag sa pagbabagong-anyo, hinahawakan ang ahensiya ng nagsasaling-wika at ang pangangailangan ng kaniyang imahe o aktuwal na nakakatunghay. Ang pulitika ng pagsasaling-wika mula sa teksto ng isang maka-Ingles na babae ay kadalasang hindi nagiging matagumpay dahil ang nagsasaling-wika ay hindi makaangkop o walang karampatang pakialam para sa pagiging retorikal ng orihinal.

Ang simpleng posibilidad na ang isang bagay ay maaaring maging makabuluhan ay napipigilan ng sistemang retorikal tulad ng may palagiang posibilidad ng pinsala ng lunang walang laman sa labas ng wika. Ito ang pinakakontrobersyal na antas at hinamon sa pagpupunyagi na magkaroon ng komunikasyon sa ibang posibleng nilalang sa espasyo. Ganap na kaibahan ang makikita sa mga nilalang maliban sa atin, gayon man, mayroong maliliit na pagkakapareho sa tao at sa maaaring magkaroon ng komunikasyon sa atin. Pero ang mas kilalang antas nito ay nangyayari sa dalawang pandaigdigang wika. Ang karanasan ng kontroladong kaibahan sa isang hinding kilalang wikang ginagamit sa iba’t ibang kultural na lunan ay misteryoso.

Isipin naman natin ngayon sa ibang wika, ang retorika ay maaaring makagulo sa lohika sa usapin ng produksyon ng isang ahente at ipinapakita ang pagkakabuo ng karahasan ng katahimikan sa paggawa sa loob ng retorika. Pinapahintulutan tayo ng lohika upang makatalon sa isang salita patungo sa isa pa sa tulong ng pagpapakita ng malinaw na pagkakadugtong-dugtong nito. Ang retorika ay dapat gumawa sa katahimikan sa pagitan at palibot ng mga salita upang matugunan ang kahalalahagahan nito. Ang sali-saliwang

relasyon ng retorika at lohika, kondisyon at epekto ng pag-alam, ay isang relasyon kung saan ang mundo ay gawain para sa ahente, upang ang ahente ay makagalaw sa etikal na paraan, isang pulitikal na paraan, isang pang araw-araw na pakikipagsapalaran; upang ang ahente ay maging buhay sa isang makataong paraan sa mundong ito. Hangga't walang nakagagawa man lang ng modelo na ganito para sa ibang wika, walang totoong pagsasaling-wika.

Sa kasamaang-palad madaling gumawa ng pagsasaling-wika kung ang tungkulin ay tahasang hindi pinapansin. Makikita mismo na wala nang ibang mapagpipilian sa pagitan nang mabilis at madali at sa isang iglap na pamamaraan, at mahusay na pagsasaling-wika na may kasamang kahirapan. Walang dahilan upang ang responsableng nagsasaling-wika ay magkaroon ng mas maraming oras sa paggawa. Ang preparasyon ng nagsasaling-wika ay maaaring maging mas matagal, at ang kaniyang pagmamahal sa teksto ay maaaring base sa kasanayan sa pagbasang nangangailangan ng pasensiya. Ang pagtanggap sa pagkakaiba ng pag-iisip at pagkakaunawa ay kinakailangan sa pagsasalin at pagsasalaysay ng ating mga pananaw at maging ang mga pananaw ng iba.

Saling-wika / Saling-diwa

Para kay Gayatri Spivak, “ang wika ay hindi pangkalahatan. Ito ay isa lamang mahalagang di-tuwirang mungkahi kung saan ang sarili ay nawawalan ng hangganan.” (Spivak, 1992). Sa Pulitika ng Pagsasaling-wika, tinunton ni Spivak ang tungkulin ng interpretasyon o pagsasaling-wika bilang paraan ng pagtanggap sa wika bilang di-tuwirang mungkahi sa mga gawain ng pangkasariang ahensiya. Para kay Spivak, ang kahulugan ay nakikita habang ang lokasyon ng nagsasalita ay direktang ilantad ang pinakaloob na gawain na naitayo sa makasaysayan at panlipunan na panandalian. Nakikita niya ang wika bilang nagbibigay ng di-tuwirang mungkahi na nagbibigay permiso sa atin upang mapasama sa lugar ng negosasyon o lugar kung saan ang komunikasyon ay nangyayari. Sa pamamagitan ng pag-pokus sa ganitong kayariangpang-espasyo, ang pulitika ng wika ay maaaring magsilbing paraan ng pagtatanggal ng gawain na lohika. Sa pagdedekonstrak ng wika, hiniwalay ni Spivak ang lohika at retorika. Para sa kaniya, ang lohika ng wika

ay nagbibigay daan upang makatalon mula sa isang salita patungo sa isa sa tulong ng malinaw na mga koneksyon, habang ang retorika nito ay naka-kaabala sa lohikang ito at gumagawa ng espasyo para sa contingency. Sa kaniyang pagkakarawan nito, ang retorika ay gumagawa sa katahimikan sa pagitan at palibot ng mga salita upang malaman ang hangganan nito. Ngunit para kay Spivak, ang pagsasalin ay hindi kumpleto para sa nagsasalita o nakinig, habang ang bawat isa ay may kaniya-kaniyang pagkakaintindi sa kaalamang ginagamit sa ganitong interpretasyon, at ang mahirap ay mapaloob sa pansariling may pinakamalapit na awtentikong karanasan habang inaalampang ang mapa ng kaalaman ay patuloy na babaguhin, sasalongatin at hindi maaaring maging perpekto.

Hanggang ngayon, ang halaga ay nakalagay sa katwiran, kaisipan, at sa mga nasabing mga salita, o ang tensiyon sa pagitan ng mga salita sa wika. Ang ganitong pag-iisip sa Kanluran na may kasamang pag-uusisa at ekspresyon ng ahensiya at / o mga ideya sa pormang pasalita na nagbubuo ng pag-aalala sa may-akda nito; ito ay katulad ng katwiran na may nasakop na katawan. Habang “nag-iisip na katapusan mismo,” pinaalala ni Dewey sa atin na “kahirapan sa pagninilay, ang kalungkutan ng meditasyon, ang kabigatan ng deliberasyon, ay lahat proverbial.” (Dewey, 1894). Tinitingnan sa tradisyonal na paraan bilang alternatibong radikal sa kaisipang Kanluran, kumpas, damdamin, emosyon, at kitang-kitang katahimikan ay hindi kapansin-pansin ngunit makapangyarihan at makabuluhan na mga gawa, na mapapansing wala sa bagong ideal na iminungkahi ni Endres.

Habang iniisip kung ano ang ibig sabihin ni Habermas sa “hipotetikal na saglit” bilang saglit kung saan ang posibilidad ng pag-unawa ay magagampanan, ang tanong ko ay “paano natin malalaman?” at marahil mas importante, “paano natin malalaman ang hindi pagkakaintindihan?” sa pamamagitan ng kognitiv na paradaym. Bilang pagpunan sa mga kakulangan ng “diskors” ni Habermas bilang etik para sa literasi at upang mapalawig ang tinatawag ni Spivak na retorika sa kaniyang pulitika ng pagsasalang-wika, ibinaling sa mga sinulat ni Dewey tungkol sa damdamin at emosyon upang makonsidera ang etik na may kakulangan sa pagbibigay ang ibang literasi paradaym.

Sinabi ni Dewey na “emosyonal na reaksyon mula sa mga pangunahing kagamitan ang ating mga sarili at ng iba.” (553-569). Hiniwalay niya ang mga damdamin makitid nitong pagkakaintindi bilang pandamdamin na stimulus, tulad ng nabibilaukan, hindi makahinga, at palpasyon ng puso, at damdamin o emosyon sa pinakamalawak nitong pagpapahiwatig na may “mukha-sa-mukhang ulirat nang halaga” at ang mga “nakondisyon noong may presensya ng imahe.” Upang magkaroon ng halaga ay nagangahulugang tayo ay naglalagay ng halaga sa ating mga damdamin. Ang kanilang presensiya ay pangangahulugan na ginawa at samakatuwid ay pangangahulugan ng wastong pag-uugali. Ipinaparating sa atin ang tungkol sa mga gawi, paniniwala, at ideals na nabuo mula sa tamang karanasan. Binubuo ng parehong pakiramdam at pag-iisip, ang mga emosyon ay makikita kung saan mayroong tiyak na tensyon o pagkakasalungatan sa pagitan ng imahe at sa pakiramdam ng emosyon... Ang mga emosyon ay kinasasangkutan ng pagkaabala at agitation. Sa bawat oras na may emosyon, mayroong pagkakaiba sa pagitan ng sense situation at image situation...patuloy na pagtaas-baba, patuloy na pagpapalit-palit sa pagitan ng imahe at pangkasalukuyang sitwasyon...Ang pagkasabik, pagkatapos ay ang pagkaabala ng karakteristik ng lahat ng mga emosyon na hinalo, ay dahil sa katotohanang ang nabanggit na sitwasyon ay inilagay sa pahinga laban sa ideyal.

Saling-wika, Saling-lohikal

Gayatri Spivak, kilala sa kaniyang mga teoretikal at kritikal na gawa sa postkolonyal na larangan, ay isang interesanteng kaso ng isang nagsasalang nag-aasym ng kaniyang pagkakatanaw at tumatalakay sa mga isyu ng estratehiyang esensyalismo. Laging sinasamahan ni Spivak ang kaniyang mga sinalin ng lipos na aparatong kritikal, kung saan, sa loob ng mga tulang nilikha ni Dimalanta at isinalin nina Bautista, Almario at Nadera ating sinuri para sa papel na ito, tulang Ingles tungo sa wikang Filipino ay may pagkakataon na nagkakaroon ng palitan ng kuru-kuro at paliwanagan ang awtor at mga tagasalin sa kadahilanang magkakaibigan sila sa lahat ng bagay. Kung saan lumalabas sa mga pag-uusap /diskusyon na gawain ng awtor ang pagkakathang-isip. Ipinagdidiinan nina Almario, Bautista at Nadera na ang

kanilang pag-aalala bilang tagapagsalin ay upang masinop na mapanatili ang tono ng diskurso ng kanilang isinasaling tula ni Dimalanta na makikita natin ang malaking pag-uukol ng paggalang at pagbibigay parangal sa awtor. Ang komunikasyon sa pagitan ng awtor at mga tagasalin ay isang aspeto kung saan tulad ni Gayatri Spivak ay inilalagay ang malaking halaga, bilang isang dayalogong nagbibigay sa kaniya ng feedback sa kaniyang pagkatha at pagsasaling-wika at literaring kritisismo.

Sa kaniyang afterword kay Devi, binibigyang diin ni Spivak ang tungkulin ng visibilidad sa proyekto ng pagsasalin, na ang layunin, sa lahat, ay tutulan ang makapangayarihang mga nosyon habang ipinagkakait sa lahat na hindi dapat makulong sa isang “espayo sa pagitan” inilalagay ang kaniyang sarili, samakatuwid, sa malinaw at makikitang paraan, bilang pagpabor sa cultural specificity ni Devi at ang mga values na ipinaparating ng kaniyang mga gawa. Iyon rin ang mga pagpapahalaga na kaniya, bilang tagapagsalin, ninanasang mailipat sa isang inaasam na salin. Sa pagsunod sa linyang ipinakita sa kaniyang “Ang Pulitika ng Pagsasaling-wika.” idineklara ni (Spivak, 1992) “Mula sa pangkalahatang gawi sa pagbabasa at pagtuturo ng tinatatawag na “Ikatlong Mundo” na ang lahat ay papunta sa hindi natugunang cultural relativism, ako ay sumusulat ng mga sanaysay na kasama ang aking bawat isinalin, sinusubukang makialam at baguhin ang ganitong gawi.”

Ano ang paninindigan ni Spivak sa tanong na paano isinalin ang kasarian sa pagsasaling-wika? Ano ang ibig sabihin ng maging feminismonag nagsasaling-wika, at ano ang kailangan para baguhin ang isinalin?

Sa kaniyang sanaysay “Ang Pulitika ng Pagsasaling-wika,” iginigiit ni Spivak na “hindi mga katawan ng kahulugan ang inililipat sa pagsasaling-wika” at bilang tungkulin ng feministang nagsasalingwika “ay kunsiderahin ang wika bilang mungkahing di-tuwiran ng pangkasariang ahensya.” Kahit na pangunahing iniaayon ni Spivak ang kaniyang pagsasaling-wika ng mga teksto mula sa mga babaeng hindi taga-Europa sa pamamagitan ng mainstream ng babaeng nagsasaling-wika ng Kanluran, sinasaalang-alang ni Spivak ang pangangailangang sumailalim sa rhetoricity ng orihinal na teksto upang mapanatili at gayahin ang bakas ng pagiging iba ng pagsasaling-wika. Sa pag-uudyok ni Spivak na ang nagsasaling wika ay dapat sumuko sa

“literarity at textuality at sensuality ng pagsulat” upang maiwasan “ang species ng neo-colonialist na pagbubuo ng hindi kanlurang tagpo” malalaman natin na sa pagsusuri ng tula ni Dimalanta sa wikang Ingles malinaw na sinuko ng tatlong tagasalin ang kanilang sarili sa sa pagsasalin ng tula na nilikha ng isang babae.




Fig. 1: Relasyon ng Lohika, Ingles, Filipino, Tagasalin, at Estratehiyang Esensyalismo

Pagkawala sa Pagsasalin

Paano matutugunan ng nagsasaling-wika ang katiyakan ng wika na kaniyang sinasalin? Mayroong paraan na kung saan ang retorikal na kalikasan ng bawat wika ay nakagugulo sa lohikal na systematicity nito. Kung bibigyan diin natin ang lohikal kapalit ng mga retorikal na mga balakid, tayo ay mananatiling ligtas. “Safety” ang tamang termino para rito, dahil pinag-uusapan natin ang panganib ng karahasan sa midyum ng nagsasalin.

Ukol sa maraming bagay ang sinasabi ni Spivak dito. Nilinaw ni Spivak kung ano ang kaniyang ibig sabihin kapag pinagsasalungat ang lohika at retorika: Ang post-structuralism ay nagpakita sa ilan sa atin ng pagpapalabas ng agent sa loob ng tatlong nosyon ng wika (bilang retorika, lohika,

katahimikan) (Spivak, 1992). Kahit na hindi direktang sumailalim si Spivak sa diskusyong tahimik, siya ay may malinaw na interes sa pagpapanatili (o pagpapabuti?) ng retorika. Ang pagiging matapat sa eksaktong kahulugan (lohika) ay maaaring makasira ng retorika na nagbibigay ng pagkamalapit sa gawa sa pamamagitan ng pagsira ng sistema nito. Ngunit, ang pagdikit sa retorika ay mapanganib, ang isa ay maaaring gumawa ng karahasan sa lohika ng teksto at sa reputasyon ng isa.

Ang panganib ay dinadala tayo sa ikalawang tema ni Spivak: ang krisis. Kahit na hindi siya nananatili sa posibilidad, ang sentral na motibo sa likod ng konsepsyon ni Spivak ng isang magandang pagsasalang-wika ay ang isa ay hindi namamahala sa krisis.

Ang pagiging ligtas ay laging pagiging komplisit. Ang nagsasalang-wika ng Ikatlong Mundong teksto ay kailangang mapanganib na umasal, pareho sa kapakanan ng teksto at sa mga taong laging nirerepresenta ng pagsasalang-wika dahil lahat ng mga teksto ay nagrerepresenta, kahit hindi nila intensyon, dahil marami ang nakasalalay.

Estratehiyang Esensyalismo

Ano ba ang konseptong estratehiyang esensyalismo? Alam ni Spivak na sa pangkasalukuyang takbo ng panahon madali nang mawasak o madekonstrak ang anumang teorya maski sa identidad/ kasarian at maaaring sabihin na hindi na ito napapanahon o lipas na at simpleng imahinasyon at binuo lamang. Ngunit ang tamang pulitika ay gumagana pa rin sa mga esensyal na identidad/kasarian. Tulad ng isang bansa na hindi natin alam na isang ilusyon lamang pala. Samakatiwid kung gusto natin magkaroon ng ganap na pagbabagong pulitikal, gumawa tayo ng mga bagay na positibo para mabago ang sistema.

Ang proseso ng muling interpretasyon at imahinasyon ay isang paraan ng estratehiyang esensyalismo sinabi Spivak na kahit may postmodern deconstruction ng kasarian-identidad, bilang patunay sa mga kababaihan, kailangang makasulat at makapagsalita ng nauukol sa mga kababaihan upang mapalaganap ang pulitika ng feminismo. Ang pagsasalita at pagsulat lalo na ang pagsasalin ng tungkol sa kababaihan ay ang pinakamahalagang

esensya ng estratehiyang esensyalismo sapagkat nilalagay sa pedestal ang responsibilidad at mahalagang papel na ginagampanan ng mga babae sa lahat ng sulok ng daigdig kahit sa panandaliang panahon lamang.

Kung susuriin natin ang mga tula ni Dimalanta sa ganitong teorya/paraang esensyalismo, naitaas na natin ang lebel ng kababaihan sapagkat ang mga kalalakihang manunulat ang nagsalin nito sa wikang Filipino. Sa kadahilanang kinakaikulangan na maparating ang mensahe ng tula ni Dimalanta, kinailangan niyang ipasalin ang kaniyang mga tula sa wikang Filipino. Dito makikita natin ang pagsuko ng makapangyarihang wikang Ingles sa local na wika ng Filipino. Sa ganitong sitwasyon mapipigil na natin ang unti-unting paglamon ng globalisasyon sa ating bansa at manunumbalik ang etnisidad ng ating pagkatao.

Ito ang malaking kadahilanan kung bakit ang konseptong estratehiyang esensyalismo ay dapat maunawaan na isang pagsasalin. Sa pangkasaysaysang pangyayari nabubuhay tayo sa dalawa o maraming wikang kailangan nating




Fig. 2. Estratehiyang Esensyalismo

maunawaan: bagong bersiyon at makalumang anyo ng wika tulad ng Tagalog at Filipino at naririto pa ang Ingles. Sa pahayag ni Spivak walang tuwirang tumbasan ng dalawang wika tulad ng Ingles at Filipino kaya ang tanging solusyon ng pagkakaunawaan ay ang pagsasalin. Wala rin direktang ugnayan kung babae man o lalaki ang tagasalin sapagkat lohika ang isinasalin, kung mauunawaan at magkakaroon ng pagbabago sa mga mambabasa ang isinalin. Ang mahalaga naumpisahan nang bigyang pansin ang naisulat at nalikha ng mga kababaihan.

Ang nasa ibaba ay mga piling tula na isinulat ni Dimalanta kabilang ang salin, na inilathala sa kaniyang koleksyon na *Flowing On*, maliban sa “Isang Anyo ng Lagablab.” Ang una ay ang “Ouija” na tumutukoy sa buhay at kamatayan, tula na personal na isinalin ng sumulat nito.

Ouija

by Ophelia Alcantara-Dimalanta

Fingers pressed light
Over the glass move
Free-willing, willing free
Over the smooth surface
Of life's lectern.
Meanwhile, the god's grind
And churn their mills over.
Over. Do I, does he, will I,
Will it, will it. Will he, Please?

And see the glass crack, strain
Coax an answer, a mystic cord
Walling the other world away,
While passions are set dumb,
And secrets come off, ooze,
The mind spills over the bluntly
Talking board, blurting out

Words, shaping from the dark
Of you, Believe...and it is.

And so, more than just believing,
Will, and will dreams real.
Indeed this play for truth
Can set destinies a-right
Along the path of one's own
Prefiguring, and finger-driven,
Brain endorsed, love too, this soon,
This late, becomes quite.

Unbelievably, glass willed,
Pulse-moved, yes, possible.
Yes, yes, it says. Over.Over.
Otherwise, influences are cold,
And fingers stammer vague truth
And take a fuzzy route, over,
Over, inchling intentions
Never quite coming off.
Until a talking board gives
The flick of a go-signal.
Simply because one is afraid
To say, hear ye, hear ye!
I love. When one does.
You if you so deserve.

Legitimate or otherwise.
As if volitions were hand shackled.
And feelings mere make- believe.
Unless one wears his heart
On his fingers, touching gods
Of flesh or myths to the quick,

Then ouijas are for nothing,
Mere games of truth and consequence
Kids from eight up
Play to entertain the spirits.

Ouija

Translated by: Ophelia Alcantara-Dimalanta

mga daliring ubod gaan
ay nakapatong sa baso, kumikilos,
malayang umiikot, kusang gumagalaw
sa ibabaw ng makinis na
hapag-sulatan ng buhay...
habang ang mga diyos natin ay
patuloy sa kanilang paggiling,
paulit-ulit; siya nga ba ay...
gawin ko kaya–niya kaya–siya
nga ba, pupuwede kaya?

maya-maya’y makikitang biglang
babanat ang baso ng isang tugon,
bigla tayong mapapasaibang mundo
habang, ang ating mga puso’y
matutulala, mauumid,
mga nakapinid na lihim, biglang
maibubunyag, ang pag-iisip ay
aapaw sa ibabaw
ng tablang nagsasalita,
bubulalas ng mgakatagang
humuhugis sa karimlan
ng isa’t isa: maniwala ka,
at masusunod!

kaya nga, higit sa paniniwala,
loobin, at naising magkatotoo
ang mga pangarapin...kaya nga.
ilang larong ito na ukol sa
katotohanan ay maaaring mailagay
ang buhay sa kaayusan,
ayon sa pagnanais ng isa't isa.
ang kaisipan ay aayon sa puso,
ngayon man, ganito man kaaga,
o kahuli, ayon sa baso,
ayon sa pulso, oo maaari ito,
oo, sabi nga...paulit-ulit,

kung hindi, Malabo.
ang mga daliri ay magkakandarapa
sa pagsambit ng katotohanan.
tunay na Malabo.
mga lihim na maliliit na nasa,
mananatiling lihim, mananatiling nasa,
hanggang ang isang tablang nangungusap
ay magbigay ng senyas:
malabo... sapagkat ikaw
ay takot, takot bumulalas ng
makinig kayo, makinig kayo
ako'y nagmamahal, kung totoo.
Sa iyo kung ika'y karapat-dapat.
tama man o mali, sa mata ng tao.

para nga bang ang kagustuhan
ay sa kamay nakasalalay
at ang mga damdamin ay di tunay,
maliban na lang kung

ang puso ay sa mga daliri nga
nakahimlay, at kakanti-kantiin
ang mga diyos natin sa totoong buhay
o sa alamat; kung ganoon nga lang,
e di bale wala ang Ouija
magiging isa lang *truth and consequence*
na nilalaro ng mga bata
magbuhat sa walo paitaas
upang ang mga kaluluwa ay aliw

Maraming mga makata ang nilulunod ang kanilang sarili sa paniniwala na ang pag-ibig ay isang laro, isang sugal. Ang nagsasalita ay isang babae, at patungkol ito sa isang lalaki na ayaw “suotin ang kaniyang puso sa kaniyang daliri” (*wear his heart on his fingers*). Ang unang taludtod ay tinatanglawan ang laro ng katotohanan o ang kakambal na epekto nito sa mga nagbabasa. Ang nagsasalita ay nag-aalangan kung siya ba o iyong lalaki o sadyang pagkakataon ang magpapagalaw sa baso. Sa English na teksto, ang orihinal na gawa ay nagmumungkahi na ang nagsasalita ay nakikiusap sa lalaki na siya mismo ang gumalaw nito. Ngunit sa salin, kahit na ang unang taludtod ay nagpapakita ng direktang salin sa lenggwahe, ang mga huling linya ay nagpapakita na ang nagsasalita ay nagtatanong kung ang pag-ibig nga ba ay posible.

Sa pangalawang taludtod, ang nakabiting tanong ay natugunan ng mga bores na lumitaw sa pagbiyak ng baso, sa *mill of gods*. Kung saan ang panabayan ang silakbo ng damdamin, ang laro ay nananatiling pag-apaw ng mga pinigilang emosyon. Hindi lingid sa kamalayan na ang mga lihim ay unti-unting nabubunyag sa kabilang mundo. Ang salin ay nag-uutos sa ganitong *transcendental experience*, na maging totoo, kung hindi man ito pahayag ng isang ilusyon, sa paniniwala ng pagkalahad sa katotohanan. Paniniwala na ang mga pandama ay mapanlinlang at ang pagmamahal ay hindi kailangan ng pandama para mapatunayan ito. Sa orihinal na teksto, ang nagsasalita ay nagbibigay ng *aura* na ito ay tapos na, habang ang salin ay nagmumungkahi ng paulit-ulit na pagtatapos.

Lahat ng paniniwala ay dapat punan ng lakas ng loob, kung hindi ang mga pangarap ay mananatiling mga kastilyo na maglalaho sa hangin. Hindi sapat na ang pag-ibig ay maramdaman lamang. Dapat ay ayon ito sa ating kalooban, ligtas mula sa mga nagpupumilit na gusto tayo magkaroon ng biglaang kaugnayan. Ang pag-ibig ay hindi isang one-way na kaugnayan; ito ay isang tugunan ng pagkakaintindihan kung saan ang mga pangarap ay maaaring magkatotoo, na ang tadhana ay siyang magpapahintulot na ang mga daliri natin ay gumalaw kasabay ng pintig, kasabay ng tibok ng puso.

Ang pangatlong taludtod ay nagpapakita sa kabilang bahagi ng isang malabong sinsilyo. Kung ang pag-ibig na mayroon ang lalaki na pinatutungkulan sa tula ay hindi tiyak, ang mga katotohanan na binubunyag ng mga daliri ay katahimikan at hindi paniniwala. Ang nagsasalita ay malapit nang maabot ang kaniyang ultimatum hanggang nagsalita ang pisara upang itaboy ang pagtakot sa hindi pagkatanggap. Ang mensahe ng “I love,” ang argumento ay hindi kung ang lipunan ay ikokondena ang ganitong mga damdamin, kung hindi ay kung tatanggapin ba ito ng lalaki at tanggapin ang sansinukob na magtulungan para sa emosyong ito. Lahat ng mga emosyon ay totoo, dahil kung hindi ay lahat ng ito ay mauwi sa laro kung saan may nananalo at may natatalo.

“To Lady Polyester

by Ophelia Alcantara–Dimalanta

It is not poetry that

Kills one but life.

-Berryman

True, I am, as against your

Charge, pure silk, silken

And crumbly soft.

I need polyester for strength,

But only the right percentage

To insure against shrinkage.

And this one whirl of silk
Is febrile, tenuous, and remote,
Tearing badly at the slightest
Brush with sun and wind and rain,
Curl, fray at the edges
Under mere finger pressure.

And I, of course, need polyester
Strength for the right bounce,
The proper blend and weave,
Sun-pun, a healthy brune
Against this rose-ash dying.

To spread out, centripetal—
Opening, purely strong,
Strengthened by your nudging
Private polyester polyestrous
Blood, and wakened, thus—
Shaken from this twilight silken swoon.

“Kay Babaeng Polyester

Salin ni V.E. Carmelo D. Nadera Jr.

*Di tula ang pumapatay
kundi buhay.
- Berryman*

Totoo, ako, bilang salungat sa iyong
Bintang, ay sedang dalisay, sineda
At lugsuin sa lambot,
Kailangan ko ang polyester para sa puwersa.

Pero iyon lamang may tamang porsiyentong
Makapagpapasigurong walang pag-urong,

At itong isang ikot-sutla
Ay mahina, manipis, at malayo,
Nagigisian nang grabe sa pinakasuwabeng
Sagi ng sanating at ihip at tikatik,
Kulot, nisnis sa mga gilid
Sa konting kuriring–daliri.

At ako, talaga, ay nangingisda sa tatag-
Polyester dahil sa indayog na wasto,
Sa hustong halo at habi,
Inikit-init, sangkaliking kayumangging
Kontra sa rosang–abong paghihingalo.

Para ilatag, sentripetal—
Oripisyo, purong may tigas
Pinalakas ng iyong kumaskas
Na pribado polyester polyestrosong
Dugo, at binulaga, kaya—
Nagambala mula sa pandapithapon
Na itong sinutlang pagkalula

Ang salitang “text” ay mula sa Medieval Latin na salitang texus na nangangahulugan “to weave (maghabi).” Ang mga makata ay panday ng mga salita; sila ang naghahabi ng mga salita upang makagawa ng isang nakakamanghang likhain, parang damit. Ang mga salita ay naglalaman ng mga likas na mahika ng pagka-orihinal. Sa *epitaph*, nagmumungkahi si Berry na ang buhay ay mas walang saysay kaysa sa tula. Ang tula ay pinahayag sa *first person point of view*. Ang mga termino na walang direktang salin sa Filipino ay ginamit ayon sa pangangailangan ng tagasalin, tulad ng salitang “polyester” Ang salin ay nagbibigay ng pagmumuling-tatag upang masabi

ang hindi masabi sa mga espasyo ng orihinal na gawa nang hindi sinisira ang diwa ng lengguwahe na unang ginamit ng makata. Sa “Kay Babaeng Polyester,” kahit hindi lingid sa kaalaman ng mga nagbabasa ang pagkawala ni Dimalanta, ang nagsalin ay isang lalaki, pero kahit papaano ay napanatili niya ang babaeng boses ng tula. Bagama’t ang trabaho ng makata at tagasalin ay ipakita ang bakas sa bagong gawa, ang diwa ng kababaihan ay malinaw sa tono, sa lohika, at saka sa puso ng dalawang lengguwahe.

Ang unang taludtod ay kumakatawan ng *binary opposition* sa pagitan ng malambot na *silk* laban sa malakas ng *polyester*. Kung ang isa ay sumasalungat sa isa, ang tula ay ginamit ito upang magsilbing *supplement* sa isa’t isa at upang masiguradong ligtas ang magsusuot nito mula sa pag-urong. Ang dalawang magkaibang bagay na ito ay nagsisilbing *binding force*, na nagpupunan sa hina at nagdaragdag sa lakas ng isa; kapag masyadong madulas ang *silk*, mabilis itong madurog, kaya ang trabaho na *polyester* ay palakasin ito. Ang unang taludtod ay nagmumungkahi ng kalinisan bilang paksa at sumalungat sa *reconstruction*, o kaya’y *naturalization*. Ito ay parang wika; sa kaso ng Pilipinas, ang mga Espanyol ay ang nagturo ng Kastila, ang panimulang terminolohiya at bokabularyo, ngunit walang sinuman ang makakaangkin sa kadalisan at pagiging orihinalnito. Ang mga Espanyol na nagpunta sa bansa ay naging *naturalized* na ng pandama at laman ng lokal na kulay ng mga Pilipino. Nangyayari ang *naturalization*, tulad na lamang ng Taglish o Engalog na maaaring maobserbahan sa kapaligiran natin.

Ang pagkaorihinal ng gawa ay isang Platonic na ideya na hindi totoo, dahil bawat gawa ay mula sa isang inspirasyon, kahit pa man ginawa ito ng may malay o wala. Ang pagka-orihinal ay katakataka o gawa gawa lamang na nalulukot at nadudurog dahil walang bagay na talagang tiyak. Kapag masyadong marami ang isang elemento ay nagiging labis ito sa punto na maaaring maging bisyo. Dapat magkaroon ng “*golden mean*” na humahawak sa isang materyal, sa *work in the center*. Kung hindi, ang gilid nito ay masisira ng mga ibang sanhi tulad ng hangin at araw, at saka ng presyur ng daliri ng tao. Ang naisaling tula ay nagbibigay-diin sa imahe na nagbibigay ng pagkasira na matapat sa *epitaph* na nakuha mula kay Berry.

May sangay sa pagsasalin. Ang huling taludtod, na orihinal na ginawa bilang isa, ay binukod ng pagsasalin sa pagkamatay ng rosas. Mayroon ding pagkakaharap ng “fishing for the strength of polyester” (At ako, talaga, ay nangingisda sa tatag-Polyester) sa salin na nagbabago ng orihinal na sinasabi ng nagsasalita na nangangailangan lamang at hindi iyong pangingsda. Ito ay isang praktikal na pagpapakita na dapat ipalaganap ang salitang *polyester*. Ang talinghaga ng dugo mula sa pinapatungkulan ng tula ay nagpalakas sa polyester at nagpakita nang mabilis na pangangailangan upang ito ay linisan para gamitin kinabukasan.

“Coming to Grief” By Ophelia A. Dimalanta	“Dalamhati” Salin ni Virgilio S. Almario	“Pagdating ng Kalungkutan” Salin ni Cirilo F. Bautista
Mother’s coming to grief	Ang dalamhati ni Ina	Ang kalungkutan ni Ina
Is a black shroud flung	Ay isang luksang lambong	Ay itim na lambong na itinakip
Over vast spaces of the day.	Sa buong lawak ng araw.	Sa malalaking puwang ng araw.
It does not discriminate what	Wala itong pinipiling	Hindi nito pinipili
Corners for it to pall over.	Sulok na pamimighatian.	Kung anong sulok ang padidilimin
The entire house is a tomb.	Isang libingan ang buong bahay.	Ang buong bahay ay isang kabaong
All passages of escape have been	Sarado ang lahat ng lagusan	Lahat ng daan sa pagtakas
Blocked, all because this morning,	Ng pagtakas, dahil ngayong umaga	Ay hinarangan, dahil ngayong umaga,
Mother chooses to rehearse her grief	Nagpasya si Inang mag-ensayo	Iinsayuhin ni Ina ang kaniyang lungkot
In a role she and only she can play.	Sa dalamhating siya lang ang nakakaganap.	Sa isang papel na tanging siya lamang ang makakaganap.
And until she says, hear ye,	At hanggang di niya sinasabing makinig,	At hanggang di niya sinasabing, “Makinig kayo,
It is over, we ourselves	Tapos na ang lahat, lahat tayo’y	Tapos na,” tayo mismo ay hawang ng kamatayan
In death’s deepest grip	Matalik na sakmal ng kama-tayan	Habang tila tubig na kumakalat
As her grief spin falls over.	Habang bumabalong ang kaniyang dalamhati.	Ang kalungkutan ni Ina.
And until she stir from her	At hanggang di siya tumitinag	At hanggang di siya umaalis sa kaniyang

Own grim grave of grief,	Sa malagim na puntod ng dalamhati	Mabagsik na puntod ng lungkot
We are ourselves immobilized.	Lahat tayo'y nakapatda.	Tayo rin ay di makagalaw.
Till she herself comes to.	Hanggang siya'y makaraos.	Hanggang siya ay di nagk-kamalay.

Ang mga makata at tagasalin ay malaya na pumili ng tula na gusto nila. Nangyari lamang na ang dalawang higitang makata, isa sa Ingles, at isa sa Filipino, ay nakahanap ng *serendipity* sa *Coming to Grief* ni Dimalanta. Ang mga magagaling ay maaaring mag-isip nang magkatulad, ngunit palaging may magkakaiba sa pamamaraan. Pagdating sa pamagat, ang bersyon ni Bautista ay mas matapat, dahil ang pagsalin ay ginawa nang berbatim. Ang bersyon naman ni Almario ay mas payak, ngunit nagpapakita ng kaniyang sariling estilo. Ang dalawang salin ay demonstrasyon ng lengguwahe at mensahe ng salin.

Ang kagustuhan ni Dimalanta sa *Latinized polysyllables* ay hindi maaari maisalin sa *syllabic structure* sa Filipino, at bilang kabayaran ay napapanatili ang kayamanan ng simbolo. Hindi lamang sila nagsasalita; ito ay nagpapakita ng pagkakaiba ng maluwag na pagbigkas ng Ingles. Si Bautista, bilang isang wordsmith ng panulaang Ingles, ay matagumpay na naisalin ang tula ni Dimalanta na nagmukhang binigkas niya ito sa Filipino. Si Almario, sa kabilang banda, ay napanatili ang diwa ng sentimyento ng Filipino; ang kaniyang salin ay hindi berbatim, ngunit nilalantad kung ano ang hindi sinasabi ng panitikan: na ang pagmamahal ng isang nanay ay hindi kailangan ng lengguwahe na madaling mahanap sa mga tula ni Dimalanta.

May mga tiyak na pangyayari sa kasaysayan ng Pilipinas na nagpapakita sa mga tula ni Dimalanta. Ang kasaysayan na tinutukoy dito ay hindi *static image*; kung hindi, ito ay nagiging proseso kung saan maraming pangyayari ang nagpapatong-patong sa isa't isa, kilala rin bilang *intertextuality*. Gusto ng mga makabagong mambabasa ang metaporika *nasophistication* na napanatili ang salin. Ito ay pagpatotoong nalampasan ni Almario sa pamamagitan ng pagbibigay ng respeto sa hindi maipaliwanag na *female presence* ni Dimalanta.

Ang salin naman ni Bautista ay nagkulang sa ganitong aspekto dahil naging matapat siya sa mga salita.

Ang bawat nagsalin ay gumamit ng kaniya-kaniyang pamaraan para maipakita ang natatanging nararamdaman/emosyon sa tula. Ang salin na matatagpuan sa *Flowing On* ni Dimalanta ay malaking ambag sa panitikan ng Pilipinas at sa alaala ni Lady Polyester.

Ang huling salin ay naghahatid ng isa sa mga pinakaprominenteng tula ni Dimalanta na isalin sa Filipino. Isang tagasalin, si Roberto Añonuevo, ay dalubhasa sa mga iba't ibang wika. Nagsasalin din sya ng prose poems mula sa iba't ibang basa sa kaniyang blog. Sa ibaba ay ang kaniyang salin na ipinaskil nang araw na namatay si Dimalanta (Añonuevo, 2011).

A Kind of Burning

it is perhaps because
one way or the other
we keep this distance
closeness will tug us apart
in many directions
in absolute din
how we love the same
trivial pursuits and
insignificant gewgaws
spoken or inert
claw at the same straws
pore over the same jigsaws
trying to make heads or tails
you take the edges
i take the center
keeping your fancy guard
loving beyond what is there
you sling at stars
i bedeck the weeds

straining in the song or
profanities towards some
fabled meeting apart
from what dreams read
and suns dismantle
we have been all the hapless
lovers in this wayward world
in almost all kinds of ways
except we never really meet
but for this kind of burning

Isang Anyo ng Lagablab

ito marahil ay sapagkat
sa isang paraan o iba pa
pinaiiiral natin ang distansiyang ito
magkalayo tayo gayong magkalapit
sa maraming direksiyon
sa sukdulang ingay
kung paanong ninais natin
ang parehong munting layon at
walang kuwentang bakbakan
pabigkas man o nakahalukipkip
kakayurin ang parehong dayami
tititig sa parehong palaisipan
sinisikap makuha ang kara o krus
doon ka sa may gilid
ako naman ang nasa gitna
kimkim ang kunwang tampo
umiibig nang higit sa tinataglay
tinutudla mo ang mga bituin
at pinapatag ko ang damuhan

nagpipilit na umawit o
nilalait ang kathang pagtatagpong
bukod sa arok ng mga pangarap
at binabaklas ng mga araw
tayo'y pawang naging kaawa-awang
mangingibig sa ligaw na daigdig
sa halos lahat ng uri ng paraan
maliban sa hindi tayo nagtatagpo
kundi lamang sa ganitong lagablab

Ang pagsasalin ay isang patuluyang proyekto na nagpapanatili at nagbubuo sa kultura; ang bersyon ni Añonuevo ng pagsasalin ay hindi lamang tapat sa iisang aspeto ng pagsasalin sapagkat kabilang dito ang wika at ang mensahe na hindi nalalayo sa gusto niyang iparating. Ang orihinal na wika na ginamit ni Dimalanta ay isang matinding boses ng isang umiibig na nagmamahal sa kaniyang kasintahan anumang pagsubok ang pagdaanan. Isang natatanging katangian ng pagsasalin ay kung ito ay nakasulat sa prosang patula. Ang simulang letra ng bawat linya ay hindi malaki, at wala ring mga tuldok at kuwit. Ang prosesong ito ay nakapagdadagdag ng kasaganahan sa literaturang Filipino at nagbibigay-pugay kay Dimalanta. Ang tula ay maaaring nilalabag ang ilan sa mga isinasaad ng aspetong gramatikal, kung saan nagkakaroon ng mga *run-on* na pangungusap. Ang mga manunulat, partikular ang mga manunula, ay mayroong karapatan nahindi sundin ang mga isinasaad ng aspetong gramatikal.

Bukod sa karapatan na hindi sundin ang mga isinasaad ng aspetong gramatikal, mas binigyan halaga ng mga tagasalin ng tula ni Dimalanta na maiparating sa pinakamalapit na paraan ang identidad ng orihinal na mga likha. Masasabi na matagumpay na naisalin ang mga likha ni Dimalanta sa kadahilanang napanatili nila ang nais iparating ng mga akda maging ito man ay nailipat na sa ibang wika. Ngunit maaring pagtalunan pa rin kung kasama ang damdamin ng mga akda ni Dimalanta ay matagumpay pa din kaya na nailagay ng mga tagasalin sa kanilang gawa. Ang mga mambabasa na ang makakapagsabi kung nagawa ba ito ng mga tagasalin o hindi.

Ang tagumpay ng isang tula ay makikita kung higit sa isang lebel ang kabilang. Tinatawag ito ng iba bilang *allegory* ngunit ito ang kabuuuan ng buhay, kabilang na rin ang kamatayan. Ang mga piling tula at ang kanilang mga salin ay ginagawa rin sa limang bahagi. Bilang pasimula, ito ay nagsisimula sa kaniyang sarili kabilang ang kaniyang sariling salin. Pangalawa ay ang kung ano ang sinasabi ng mga tao tungkol sa kaniya. Ang ikatlo at ikaapat ay nagpapakita kung paano ang ang mga kaisipan ay nagsasama. Panghuli, kapag naperpekto ang porma. Ang porma, gramatika, at ang wika ay maaari lamang makalimutan kapag ang manunula ay may sapat nang kaalaman sa mga dapat gamitin. Mananatili ang alaala ni Ophelia Alcantara-Dimalanta sa mga mambabasa, nakasalin man ito o hindi, *“For poetry never says; it unsays to say.”*

Talasanggunian

- Almario, Virgilio. *Balagtasismo Versus Modernismo: Panulaang Tagalog sa ika-20 Siglo*. Ateneo UP, 1984.
- Añonuevo, Roberto. *Salin at Salinan: Ilang Panukala sa Pagpapaunlad ng Panitikang Pambansa*. <https://dakilapinoy.wordpress.com/2009/07/24/salin-at-salinan-ilang-panukala-sa-pagpapaunlad-ng-panitikang-pambansa/>, 2009.
- Chiland, Colette. *Anatomical Destinction Between the Sexes*. PUF, 1988.
- Dewey, John. „The Theory of Emotion. (I) Emotional Attitudes.“ *Psychological Review* 1, 1894: 553-569.
- Dimalanta, Ophelia Alcantara. *The Ophelia A. Dimalanta Reader*. Vol. 1. UST Publishing House, 2004.
- Kelly, George. *The Psychology of Personal Constructs*. Routledge, 1955.
- Moi, Toril. “Appropriating Bourdieu: Feminist theory and Pierre Bourdieu’s sociology.“ *New Literary History*, 1991: 1017-1049.
- Spivak, Gayatri. *The Politics of Translation*. Stanford UP, 1992.
- Winnicott, Donald Woods. „Fear of Breakdown.“ *Int. Rev. Psycho-Anal* 1, 1974: 103-107.